DepEd Advisory No. 601, s. 2011
In compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
This advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
December 5, 2011

IKATLONG PAMBANSANG KONGRESO NG WIKANG FILIPINO SA MGA PAARALANG PUBLIKO AT PRIBADO SA ANTAS ELEMENTARYA AT SEKUNDARYA

Ang Kapisanan ng mga Superbisor at Guro ng Filipino (KASUGUFIL) sa pakikipagtulungan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magsasagawa ng **Ikatlong Kongreso ng Wikang Filipino sa mga Paaralang Publiko at Pribado sa Antas Elementarya at Sekundarya** na may temang *"Ang Kurikulum Tungo sa Pagpapaangat ng Wikang Filipino at Kalidad ng Edukasyon sa Antas Elementarya at Sekundarya"* na gaganapin sa Mayo 6-10, 2012 sa Teachers Camp, Lungsod ng Baguio.

Ang layunin ng kongreso ay ang mga sumusunod:

1. makapagpabahagi tungkol sa kasalukuyang kalagayan ng pagtuturo ng Filipino sa antas elementarya at sekundarya batay sa Kurikulum ng *K to 12 at Kurikulum ng Edukasyong Sekundarya ng 2010 sa Ikatlong Taon (2010 SEC III);*
2. makapagpabahagi ng iba't ibang pananaw, paraan at antas ng pagtataya; at
3. makapagsasagawa at makakabuo ang mga kalahok ng iba't ibang paraan ng pagtataya ng mga inaasahang produkto/pagganap bilang ebidensya ng pagkaunawa.

Ang kongreso ay dadaluhan ng mga panrehiyon at pansangay na superbisor, puno/tagapag-ugnay ng kagawaran at guro ng Filipino sa mga paaralang publiko at pribado sa antas elementarya at sekundarya.

Ang mga dadalo sa nasabing kongreso ay magbabayad ng rehistrasyon sa halagang Apat na Libo at Limang Daang Piso (PhP4,500.00) na gugugulin para sa pagkain, tirahan, mga kagamitan, T-shirt, training bag at ID (para sa mga bagong sasapi na magtatagal ng tatlong (3) taon), honoraryum ng mga panauhing tagapagsalita, at sa iba pang kakailanganin sa pagsasakatuparan ng kongreso.

Ang mga kalahok ay inaasahang darating sa Teachers Camp, Lungsod ng Baguio sa hapon ng Linggo, Mayo 6, 2012. Ang unang pagkain ay ihahain sa hapunan sa nabanggit na araw. Samantala, ang gawain ay magtatapos sa umaga ng Biyernes, Mayo 11, 2012, at huling pagkaing ihahain ay tanghalian ng nasabing petsa.

Ang anumang katanungankaugnay nito ay maaring itawag o i e-mail sinuman kina **Gng. Cristina S. Chioco**, Pangulo ng KASUGUFIL sa mobile phone bilang: 0928-294-7931; at e-mail address:istee123@yahoo.com; **Gng. Sandor Abad** sa mobile phone bilang: 0908-697-8491; at e-mail address: sandor_abad@yahoo.com, Kalihim; at **Gng. Evangeline C. Calinisan**, Tagapamahala sa mobile phone bilang: 0928-967-8281; at e-mail address: vangie_calinisan@yahoo.com; o sa telepono bilang: (02) 632-7746.

Rhea/DA- Kongreso ng KASUGUFIL
December 1, 2011